


Editoryal

## Walang pundamental na pagbabagong idudulot ang eleksyon sa Mayo 10

🗖 a kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema, reaksyunaryo ang mga eleksyon at lumilikha lamang ng ilusyon ng demokrasya. Hindi ito maaaring maging paraan upang ang mamamayan ay makapagpahayag ng kanilang kagustuhan at makapamili ng mga pinunong tunay na kakatawan sa kanilang interes.

Ang umiiral na sistemang pang-ekonomya, pampulitika, pangkultura at elektoral and siyand nad-



Mga tampok sa isyung ito...

Panggigipit sa mga progresibong partido PAHINA 3

Koleksyon ng mga litrato ng BHB, inilunsad PAHINA 5 Mga tulisan, ginagamit ng AFP sa Mindanao PAHINA 8

Mayo 7, 2004

ngangalaga at pagpapanatili ng kanilang makauring pang-aapi at pagsasamantala sa mamamayan.

Para akitin ang boto ng mamamayan, ang mga reaksyunaryong kandidato ay nagbibitiw ng sarisaring populista at repormistang pangako, kumakasangkapan sa pyudal na kulturang padrino, nagpapakulo at nagbabayad nang malaki para sa kung anu-anong patalastas at gimik sa masmidya.

Subalit pinakamapagpasya pa rin sa reaksyunaryong eleksyon ang paggamit ng iba't ibang instrumento, kapwa sarili ng kandidato at sa estado, para sa pamimilit at panlilinlang, ang paggamit ng malaking salaping pangampanya at pambili ng boto at ang kakayahang manipulahin ang resulta ng eleksyon. Mapagpasya sa kalalabasan ng eleksyon sa Pilipinas ang paggamit ng sandata, mga maton at salapi.

Kaya sadyang malaki ang disbentahe ng mga progresibong partido at kandidatong lumalahok sa reaksyunaryong eleksyon. Sa umiral na sistema at kalagayan, awtomatikong nakalaan para sa mga kinatawan ng naghaharing uri ang pinakamatataas na pusiyon at ang kalakhan ng mga pwesto. Iilang

progresibong partido at kandidato lamang ang hinahayaang manalo sa eleksyon.

Sa partikular, and batas ukol sa party-list ay naglalaan ng 20% lamang ng mga pwesto sa kongreso para sa maliliit na partidong hindi kabilang sa limang pangunahing partido pulitikal. Sa liit ng puwang na inilalaan para sa naturang mga grupo, imposibleng maging mapagpasya ang mga ito sa pagpapasa o pagbabasura ng mga batas. Dagdag dito, malaking bilang sa mga lumalaban sa eleksyong party-list ay mga ekstensyon lamang ng malalaking partido pulitikal, mga samahang militar, mga grupong pangekonomya at iba pang instrumento ng mga reaksyunaryong naghaharing uri.

Bukod rito, biktima ng pasistang dahas ang mga progresibong partido at kandidato. Sa mahigit 50 taong kasaysayan ng papet na republika, pinakamabangis at pinakamarahas ang atake ng mga pasistang pwersa ng estado at ng mga sagad-sagarang reaksyunaryong grupong pampulitika tuwing may makabuluhang pag-abante ang mga progresibo sa reaksyunaryong eleksyon. Noong eleksyon ng 1987,

ang pinakamalaking bilang ng mga pinatay, sinaktan at hinaras ay nagmula sa progresibong Partido ng Bayan.

Sa ngayon, kinokonsentrahan ng mga militarista sa gubyerno at iba pang pasista ang panunupil sa mga progresibong partido at kandidato. Ang pinakamaraming biktima ng pamamaslang at karahasan sa kasalukuyang eleksyon ay mula sa Bayan Muna, Anakpawis at Anak ng Bayan. Pinangangambahan ng mga pasista at sagad-sagarang reaksyunaryo ang relatibong malaking maipagwawagi ng mga partidong ito sa eleksyon. Lumalabas sa lahat ng mayor na sarbey na maipapanalo ng mga ito ang 10 hanggang 12 pwesto sa kongreso.

Subalit kapaki-pakinabanag pa rin ang paglahok ng mga progresibo sa reaksyunaryong eleksyon sa kabila ng napakalaking mga sagka at panganib na kinakaharap nila at napakalimitadong magagawa nila sa pamamagitan ng pakikibakang elektoral at pagkilos sa gubyerno. Ang isang tiyak nilang magagawa sa minimum ay ilantad ang kabulukan ng sistema at ipagtanggol ang pambansa at demokratikong mga karapatan ng mamamayan.

Nakikipag-ugnayan at nakikipag-alyado ang Partido sa mga progresibo at sinasamantala ang kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo na umiigting sa panahon ng eleksyon. Sa pakikipagkaisang prente nito, pangunahing pinangangalagaan ng Partido ang interes at pagsusulong ng mga bentahe para sa rebolusyonaryong kilusan, rebolusyonaryong baseng masa at pinamumunuang kilusang masa.

Gayunman, ang kahungkagan ng reaksyunaryong sistemang pulitikal at elektoral at ang kriminal na kampanya ng pang-aatake sa mga progresibo ay naglalantad sa tunay na katangian ng naghaharing sistema at ng prosesong elektoral nito

## \*Bayan

Taon XXXV Blq. 9

Mayo 7, 2004

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.org.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

### Nilalaman

#### **Editoryal**

Panggigipit sa mga progresibong	
partido	3
Ilang kandidato, dinisarmahan	4
US, nanghihimasok sa eleksyon	5
Koleksyon ng mga litrato ng BHB	5
Salaysay ni Ka Basil ukol sa OPML	6
Mga ulat koresponsal	
Mga tulisan, ginagamit ng AFP	8
Cordillera Day 2004	10
Balita	11

Walang saligang pagbabagong

1

idudulot ang eleksyon

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

na bulok at reaksyunaryo. Wala ritong maaasahang kalutasan sa mga saligang suliranin ng mamamayan o makabuluhang mga pagbabagong panlipunan.

Sa harap ng mga ito, kailangang pag-ibayuhin ang propaganda at protestang antipasista, at magpursigi sa landas ng matagalang digmang bayan, habang hindi tinatalikdan ang masalimuot at mahirap na mga tungkulin sa pagsusulong ng hayag na demokratikong

kilusan at pagkilos sa loob ng mga reaksyunaryong institusyon.

Sa pamamagitan lamang ng armadong rebolusyon maibabagsak ang bulok na neokolonyal at malapyudal na kaayusan, maitatatag ang bago at rebolusyonaryong kaayusan at matatamasa ang pambansang kalayaan, demokrasya at kaunlaran tungo sa higit pang pagsulong ng lipunang Pilipino.

Panggigipit sa mga progresibong partido

## Walang tigil ang paninira at pamamaslang

a pangunguna ng kleriko-pasistang si Norberto Gonzales, National Security Adviser ng Malakanyang at ahenteng paniktik ng US, ang mga pasista sa gubyerno at Armed Forces of the Philippines ay naglunsad nitong Abril ng isang masugid at matinding kampanya para siraan ang mga progresibong partido at kandidato sa mata ng mamamayan, at ihudyat ang pag-iibayo ng karahasan at panunupil laban sa kanila.

Sumusunod ang ilang tampok na Mula Abril 9 hanggang unang linggo ng Mayo:

► Malisyosong ipinagkakalat ng PNP sa Leyte na ang Anakpawis ay may kaugnayan sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ito raw ay dahil nagkalat ang mga poster ng Anakpawis sa Alang-alang, Leyte nang tambangan sila rito ng BHB noong Mayo 3. Halatang pilit lamang na naghahagilap ang PNP ng maisasangkalan para tugisin ang Anakpawis dahil ayon sa pahayaq nq Efren Martires Command ng BHB sa Eastern Visayas, ni walang kinasangkutang labanan ang BHB sa lugar at petsang nabanggit.

▶ Pinagbabaril noong gabi ng Abril 29 sa Barangay Silangang Malicboy, Pagbilao, Quezon ang magasawang sina Rogelio Perez, 46, pangalawang pangulo ng Pamalakaya-Quezon at taqakampanya ng Bayan Muna, at Cristina, 52, pangkalahatang kalihim ng Bayan Muna-Pagbilao. Namatay si Rogelio samantalang si Cristina ay agawbuhay nang dalhin sa ospital. Galing ang mag-asawa sa isang pagpupulong. Noong araw ding iyon, binaril at napatay si Juland Cautasan, kasapi ng Bayan Muna, sa labas ng isang paaralan sa Pagbilao.

▶ Pinaulanan ng bala sa Barangay Pachoca, Calapan City, Mindoro Oriental noong gabi ng Abril 28 si Isaias Mañano Jr., 23, pangkalahatang kalihim ng Anakpawis-Mindoro Oriental. Patay si Mañano at sugatan ang kasama niyang si Guillermo Coz, 47, pangalawang pangulo ng Anakpawis. Galing ang dalawa sa pakikipag-usap sa isang kandidato sa pagkaalkalde nang sila'y paqbabarilin.

► Pinagbabaril ng mga sundalo ng 78th IB hanggang sa mapatay sina Charlie Mandaya Davao, Ganadi Pinamaylan at Charlie Utaq, mga Ata-Manobo na kasapi ng Bayan Muna, habang kumakain sila

BHB and tatlo.

▶ Dinukot ng militar noong Abril 25 sina Oliver Ostoral, 27, taga-Mauban, Quezon at Ramil Adornado, 19, taga-Real, Quezon, kapwa mga myembro ng Anak ng Bayan-Southern Tagalog. Huli silang nakita noong alas-6 ng umaga ng Abril 25 sa Barangay Mangilang, Candelaria, Quezon. Naroon sila para mang-imbita para sa kumbensyon ng Bayan Muna-Quezon.

► Sa Camarines Sur, 25 myembro na ng Bayan Muna at Anakpawis ang naiulat na dinukot at patuloy pang nawawala mula nang tumindi ang mga operasyong militar sa mga bayan ng Tinambac, Lagonoy, Goa, Presentacion, Caramoan at Garchitorena. Iniulat din ng Anak ng Bayan-Bicol ang apat na kaso ng pamamaslang. Dalawa sa mga biktima ay sina Virgie Vetmen, 19, myembro ng Anakpawis, at Jesus Bongalon, isang barangay konsehal ng Payak, Bato, Camarines

Sur. Ginahasa at pinatay si Vetmen at pinagputul-putol ang



- ▶ Iligal na inaresto ng mga elemento ng PNP-Dumaguete noong Abril 21 sa Bais City, Negros Oriental si Ronald Ian Evidente, isang nominee ng Anak ng Bayan. Isinasangkot siya sa pananambang at pagpatay sa ilang kasapi ng bandidong grupong Revolutionary Proletarian Army.
- ► Sa Davao Oriental, nagpapalaganap ang mga elemento ng 72nd IB kasama ang Special Forces at PNP Criminal Investigation and Detection Group ng mga polyeto kung saan binabansagang "mga anak ni Satanas" ang mga progresibong partido.
- ▶ Tinutukan ng baril ng isang elemento ng militar si Apolinario Alvarez, presidente at pangunahing nominee ng Anak ng Bayan nang makipagnegosasyon siya sa mga elemento ng 42nd IB na nangharang sa kanilang motorcade sa Tigaon, Camarines Sur noong Abril 18. Ang motorcade ay kabilang sa limang-araw na Peace Caravan na umikot sa apat na prubinsya ng Bicol. Samantala, si Leo del Rosario, kasapi ng Anak ng Bayan, ay qinulpi ng isang sundalo.
- ▶ Pinaligiran ng may 100 nakafull battle gear na elemento ng 803rd Infantry Brigade at PNP ng Catarman, Northern Samar ang upisina ng Bayan Muna sa Sityo Bukhasan, Barangay Cawayan, Catarman noong gabi ng Abril 13. Nagpilit silang pumasok sa upisina dahil may tinutugis umano silang limang myembro ng "sparrow unit" ng BHB. Dahil walang maipakitang anumang mandamyento ang mga militar at pulis, hindi sila pinapasok ng mga taga-BM. Napilitang umatras ang mga pasistang tropa pagkalipas ng dalawang oras.
- ▶ Pinalibutan ng siyam na lasing na sundalo ng 78th IB noong Abril 14 ang mga kasapi ng Anakpawis at Bayan Muna sa Danao City, Cebu. Ayon kay Glemar Bacusmo, pangulo ng Anakpawis-Central

Visayas, at Magilda Abella, organisador ng Bayan Muna, pinigilan sila ng mga tropa ng 78th IB na mangampanya sa Barangay Santican. Kinumpiska ng militar ang kanilang materyales na pampropaganda.

► Kinaladkad ng isang nakamotorsiklong sundalo si Ronalyn Olea, presidente ng College Editors' Guild of the Philippines at isang nominee ng Anak ng Bayan, sa Angeles City noong Abril 9. Pauwi siya noon mula sa upisina ng Anak ng Bayan sa lunsod. Isang linggong naospital si Olea dahil sa tinamong mga gasqas, suqat at pasa sa iba't ibang

bahagi ng katawan.

Walang pakundangang nilalabag at sinisikap gibain ng mga pasista ang ligalidad ng mga hayag na demokratikong organisasyon at partido para bigyang-katwiran ang karahasan at panunupil sa mga progresibo. Dapat tuluy-tuloy na ilantad at batikusin ang mga karahasang ito bilang tanda ng desperasyon ng mga reaksyunaryo tuwing may pag-usad ang mga rebolusyonaryo at mga progresibo sa anumang larangan ng pakikibaka at nahaharap sa malaking banta ang interes ng mga reaksyunaryo.

## Mga kandidatong lumabag sa PTC, dinisarmahan ng BHB

Labing-isang armas ang nasamsam ng BHB mula sa apat na kandidato at kanilang mga armadong badigard sa apat na magkakahiwalay na operasyong pagdisarma sa pagitan ng Abril 13 at 25.

Hinarang at kinumpiskahan ng mga armas noong Abril 25 ang isang kandidato sa pagkaalkalde sa Maayon, Capiz nang balewalain nito ang paalala ng Nonito Aquirre Sr. Command ng BHB laban sa pagdadala ng mga armadong badigard sa mga sonang gerilya. Siya at isa pang kandidatong wala ring *permit to campaign* (PTC) ay hinarang sa isang tsekpoynt ng mga Pulang mandirigma sa Barangay Bungbungan, Maayon. Nakumpiska sa kanilang mga badigard ang isang ripleng Galil at isang Uzi *machine pistol*.

Noong Abril 19 naman, pauwi na sana mula sa pangangampanya si Mayor Eduardo Balaod, reeleksyunista sa Tambulig, Zamboanga del Sur nang harangin siya sa tsekpoynt ng BHB sa Barangay Upper Leyson. Dahil sa tahasan niyang paglabag sa patakaran sa PTC, kinumpiska ng mga Pulang mandirigma ng Front Monterosa Command ang mga sandata ng apat niyang eskort na pulis at pribadong badigard. Nakumpiska ang dalawang M16, dalawang pistolang 9 mm at isang kalibre .45.

Sa rehiyon ng Caraga, kinumpiskahan ng mga armas ang meyor ng Loreto, Agusan del Sur at mga badigard nito noong Abril 21. Hinarang ng mga gerilya ng BHB sa ilalim ng Front Committee 34 ang meyor at ang kanyang mga badigard na dalawang sundalo, dalawang pulis at isang CAFGU sa Sityo Budiangan, Barangay Kauswagan, Loreto. Nakumpiskahan sila ng tatlong M16, isang Ingram *machine pistol*, isang kalibre .45 at isang desabog.

Bago ito, dalawang pulis na eskort ng kandidato sa pagkaalkade na si Armando Lunio ang kinumpiskahan ng dalawang .38 rebolber noong Abril 13 sa Sityo Greenfield, Barangay Sta. Juana, Tagbina, Surigao del Sur ng mga mandirigma ng Ka Bob Ruiz Command.

### Imperyalismong US, nanghihimasok sa eleksyon

Kasalukuyang nasa Pilipinas ang aabot sa 120 ahente ng imperyalismong US upang umano'y imonitor ang eleksyon sa Mayo 10—isang tahasang panghihimasok sa mga panloob na usapin ng Pilipinas. Bukod sa mga tauhan ng embahada ng US, marami sa mga sinasabing magmamasid ay nagmula sa National Democratic Institute for International Affairs (NDIIA), isang institusyong hawak ng maka-Kanang AFL-CIO, isang pederasyon ng paggawa sa US. Marami rin ang mula sa International Republican Institute (IRI) na hawak ng Republican Party ni US President Bush.

Ang mga ultra-Kanang institusyong ito ay ginagamit na daluyan ng pondo mula sa National Endowment for Democracy (NED) na hawak ng US Central Intelligence Agency (CIA) para sa mga panghihimasok nito sa iba't ibang bansa. Sa pama-

magitan ng NED, pinondohan ng CIA ang mga organisasyon sa Haiti noong Pebrero upang pabagsakin si Pres. Jean-Bertrand Aristide. Dito rin pinadadaloy ng US ang pondo para sa mga organisasyong naglulunsad ng mga paglaban kay Hugo Chavez, anti-imperyalistang presidente ng Venezuela.

May maitim na hangarin ang pagpasok ng "US monitoring team" na ito sa Pilipinas. Ang panghihimasok nito sa eleksyon sa Mayo 10 ay gagamitin ng imperyalismong US upang tiyakin ang interes nitong magkaroon ng mahusay na pagsasaayos ng tunggalian ng mga papet na pulitiko at pigilan ang posibleng pagsiklab ng kaguluhan pagkatapos ng eleksyon. Nababahala rin ang US sa posibleng pananalo ng makabuluhang bilang ng mga progresibong partido sa halalan.

## Koleksyon ng mga litrato ng BHB, inilunsad

Inilabas nitong Abril 30 ang librong *Pulang Mandirigma: Images of the New People's Army*, isang koleksyon ng iba't ibang larawan ng BHB, sa Balay Kalinaw sa University of the Philippines sa Diliman, Quezon City. Ang librong ito ay ikatlo lamang sa ganitong uri ng mga libro at una sa nakaraang 15 taon.

Nagsalita si Kasamang Coni Ledesma, kagawad ng negotiating panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) tungkol sa kabuluhan ng libro. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng gawain sa araw-araw ng mga Pulang mandirigma sa paglilingkod sa bayan at pagtataguyod ng Pulang kapangyarihang pampulitika, aniya, mariing pinasisinungalingan ng libro ang itim na propaganda na ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ay terorista.

Tumawag si Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas, upang upisyal na pasinayaan ang paglulunsad ng librong inilimbag ng Kawanihan sa Impormasyon ng PKP. Sinamantala ni Ka Roger ang pagkakataon upang ilantad ang terorismo ng reaksyunaryong Armed Forces of the Philippines (AFP) at


batikusin ang mga pang-aabuso ng AFP kamakailan sa Quezon, Mindoro at Rizal.

Idinaos ang isang maikling programa na kinatampukan ng mga rebolusyonaryong awitin at mga mensahe ng pakikiisa ng mga aktibista, kabilang ang lokal na balangay ng International League of Peoples' Struggles. Mayroon ding maliit na eksibit ng mga piling larawan mula sa libro at mga likhang sining mula sa mga sonang gerilya.

Ang paglulunsad ng libro ay naisagawa sa tulong ng Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND).

### Ang pagbubuo ng libro

Tulad ng isinaad ni Ka Roger sa kanyang paunang salita, masigasig na sinuportahan ng mga kasama



ang pagbubuo ng libro. Positibong tinugon ng mga kasama sa buong bansa ang panawagan na magpadala ng mga litrato o mag-imbita ng potograper na kukuha ng mga larawan. Mahigit isang libong kopya na ng libro ang inorder ng mga kasama, hindi pa man din ito nailalabas.

Aabot sa 10,000 larawan ang natipon. Karamihan ng mga ito'y iniambag ng mga kasama sa mga larangang gerilya na kinuha gamit ang kani-kanilang mga analog o digital na kamera o maging ang kamera ng kanilang mga cellphone. Nag-ambag naman ng ilandaang larawan ang ilang propesyunal na photo-journalist mula sa mga espesyal na pagbisita sa mga sonang gerilya bilang paghahanda sa libro o mula sa dati na nilang mga kuha. Ilang daan din ang pinagpilian mula sa koleksyon ng mga larawan ng Liberation, ang upisyal na pahayagan ng NDFP.

Sa pagbubuo ng libro, isinaalang-alang ang mga kundisyon ng digmang bayan. Nakansela ang ilang mga byahe ng mga potograper dahil sa pinatinding mga operasyong militar o kaya'y naantala ang kanilang pagbabalik. Masusing pinili ang mga larawan upang hindi malagay sa alanganin ang seguridad ng masa at mga kasama sa mga sonang gerilya.

Walang kaparis na pagsulyap sa araw-araw na buhay ng ating mga Pulang mandirigma ang ibibigay sa mga makatutunghay sa 125 litratong black and white at 150 pahina ng 8" por 8" librong ito. Katulad ng isinaad ni Ka Roger: "Ipinakikita nito ang malawak na aktibidad ng BHB—ang kanilang pagbagtas sa bukid, kabundukan at pusod ng qubat sa paglalakbay mula sa isang baryo tungo sa susunod, ang pagbubukas ng mga bintana at pintuan ng masa, ang maalab na pagsalubong at paghahanda ng mainit na kape para sa kanila, ang paggampan ng BHB ng gawain bilang mag-aaral at guro, kaibigan at tagapayo, tagaluto at panadero, dentista at medik, mandirigma at kasama sa pakikibaka ng sambayanan."

# Itakwil ang mga gumagamit sa OPML para walang tigil na siraan ang Partido—*Ka Basil*

Ang artikulong ito ay halaw sa pinakahuling salaysay ni Kasamang Mabini Permalu Fabon na mas kilala bilang Ka Basil sa Southern Tagalog. Nasa ikalawang araw na siya ng kanyang malubhang karamdaman nang isulat niya ang salaysay. Sa kabila ng kahirapang dinaranas niya noon, pinilit pa rin niyang magawa ang sulatin at maipadala sa Ang Bayan para masagot ang mga taksil na gumagamit sa mga naiwasto nang kamalian sa walang-tigil na malisyosong paninira sa Partido. Noong Pebrero 6, makaraan ang anim na araw ng malubhang pagkakasakit, yumao siya at itinanghal na bayani ng rebolusyong Pilipino.

🗻 inimulan ni Ka Basil ang kanyang salaysay sa pamamagitan Ing direktang pagpangalan sa mga salaring nagpasimuno sa Oplan Missing Link (OPML), ang kampanya sa hibang at walang batayang paghahanap ng kaaway sa loob ng Partido sa Timog Katagalugan noong 1988. Pangunahin sa mga ito ang kalihim noon ng komiteng rehiyon na si Miel Laurenaria (kilala noon bilang Tibs o Amanda). Sinariwa ni Ka Basil ang mga nasaksihang kahibangan ni Laurenaria. "Pinayagan niyang hulihin at parusahan ang mga kasama, kabilang ang mga kagawad ng komiteng rehiyon na inihalal ng katatapos lamang na kumperensya ng Partido sa rehiyon." Si Ka Basil ay isa sa mga ipinaaresto ni Laurenaria na kakolektibo niya sa komiteng rehiyon.

Pinangalanan din niya ang iba pang namumunong kadreng humahawak ng matataas na pusisyon. Hinangaan at pinuri niya ang mga mapagpakumbabang tumanggap ng aksyong pandisiplina mula sa Partido, nanatiling matapat sa rebolusyon at puspusang nagsisi at nagwasto.

Sa kabilang banda, matindi ang pagkamuhi niya sa iba, laluna kay Laurenaria, na hindi marunong kumilala ng sariling pagkakamali, nagkunwari lamang na tumanggap ng aksyong pandisiplina at sa iba't



ibang pagkakataon ay iginigiit na tama siya at ang OPML. Sa dulo ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP), tahasan na ring nagtaksil si Laurenaria sa Partido at rebolusyonaryong kilusan at sumanib sa "MLPP-RHB" (Marxist-Leninist Party of the Philippines-Rebolusyonaryong Hukbong Bayan). Walang karapatan ang grupong ito sa bansaq sa sarili dahil nilalapastangan lamang nito ang Marxismo at Leninismo, ang rebolusyon at ang bayan. Nakikipagkutsaba at nagpapakasangkapan ito sa mga reaksyunaryong pwersa at militar, nagsisilbing bayarang private army ng mga bulok at pasistang pulitiko, umaatake sa Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusan at nanlilinlang, nanggugulo at nagmamalupit sa masa.

Gayundin ang pagkamuhi niya sa mga namuno sa Task Force Missing Link, ang yunit na nagpatupad ng OPML sa Timog Katagalugan. Pangunahin na rito si Kenny, pinuno ng TFML, na umiwas sa pananagutan, umalis at di na nagpakita pagkatapos maipatigil at maideklara ng Partido na isa itong malaking kamalian.

Sa mga nabiktima naman, ipinahayaq ni Ka Basil ang kanyang matinding pagkamuhi kay Manuel Quiambao Peña (mas kilala sa pangalang Taning). Alam niyang si Peña ang isa sa mga pinakamatinding napahirapan sa OPML. Sa kabilang banda, malinaw kay Peña at marami pang nabiktima ng OPML na labaq ito sa mga prinsipyo at patakaran ng Partido, Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong kilusan.

Personal na saksi si Peña at lahat ng iba pang naisalbang biktima ng OPML sa maagap at mapagpasyang interbensyon ng sentro ng Partido noong mga huling buwan ng 1988 para imbestigahan, ipatigil at ideklarang isang malaking kahibangan at kamalian ang OPML. Saksi rin sila sa pagpapataw ng aksyong pandisiplina sa mga pasimuno nito batay sa bigat ng paglabag sa mga patakaran at alituntunin ng Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusan at mga karapatan ng mga kasama, at sa pagwawasto sa mga kamalian ng OPML at katulad na mga kahibangan.

Pero sa katunayan, ang mas malaki at mas saligan pang usapin kay "Taning" ay ang pagkalulong niya sa NGOismo at iba pang malalalang disoryentasyong matinding puminsala sa Partido at rebolusyonaryong kilusan noong dekada 1980. Habang nalululong sa NGOismo, humantong siya sa pakikipagsabwatan sa estado at iba pang taksil sa pang-aatake sa Partido at rebolusyonaryong kilusan. Para rito, ang pangunahing pinagtutuunan niya ay ang mga naiwasto nang kamalian sa OPML at mga katulad na kahibangan noong dekada 1980.

Isang kabalintunaan na nagkapareho na sila ng landas ng mga salaring nagpasimuno ng OPML at mga katulad na kahibangan at iba pang malalaking kamalian at ayaw magwasto, kaya't itiniwalag o itiniwalaq ang sarili mula sa Partido. Pare-pareho silang hindi matanggap ang IDKP na nagwasto sa mas

masasaklaw na kamalian noong dekada 1980. Parepareho nilang piniling magpatulov sa pagpapakalulong sa malalalang disoryentasyong mapagpasya nang itinakwil at iniwan ng Partido. Parepareho nilang nilalabanan ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa ha-

lip na ang mga reaksyunaryong naghaharing uri at estado.

Katuwang si Robert "Bobby" Garcia, isa pang naging biktima ng OPML na wala ring tigil sa paninisi sa Partido mismo sa halip na sa mga nagkamaling nagpasimuno ng OPML, ang pangunahing misyon ni Peña ngayon sa buhay ay ang tuluy-tuloy na paghahanap ng mga pagkakataon at paraan para buhayin muli ang usapin ng OPML, palabasin na ang Partido ang may kagagawan nito at na likas ito sa Partido at sa Marxismo-Leninismo at gamitin ito sa pang-aatake at tangkang pangwawasak sa Partido.

Matagal nang naghahanap at nambubuyo si Peña sa sinumang mahihimok nila upang magsiwalat ng bersyon sa mga pangyayari sa OPML ayon sa kagustuhan at antikomunistang layunin nina Peña.

"Natatandaan ko noong 1999 nang ako'y dumadalaw sa upisina nina Peña sa Cubao, kinukumbinsi niya akong ipahayag ang mga kalupitan at kasamaang naganap sa OPML at ipalathala ito sa *Inquirer* sapagkat ako raw ay isa sa mga nabiktima nito." May kausap sila sa pahayagang ito para sadvang gamitin ang OPML sa paninira sa Partido.

Noon pa ma'y tinanggihan na ni Basil and pambubuyong ito ni Peña, gayundin ang parehong kahilingan ni "Bobby" Garcia na luma-

Nakareserba ang

kanyang galit at

pagkamuhi sa mga

pasimunong walang

pagsisisi at tuluyang

nagtataksil na sa

Partido at gayundin sa

ilang biktimang

nagpapakasangkapan

na sa kaaway.

pit sa kanya noon ding panahong iyon. Buo ang paniniwala ni Ka Basil na walang mabuting idudulot ang maiitim na balakin nina Peña at Garcia laban sa Partido at rebolusyonaryong kilusan, at maging sa mismong mga nabiktima ng OPML. Ani Ka Basil, "Ang kanilang mga plano

ay magbibigay lamang sa kaaway

ng mga mapanirang impormasyon. Ang mga ginagawa nila at gusto nilang ipagawa sa mga biktimang sinisikap nilang linlangin av walang pinagkaiba sa mga anti-komunista at kontra-rebolusyonaryong itim na propaganda at Pulang pananakot na qinaqawa na ng reaksyunaryong estado." Kasabwat nila rito ang mga pinakamasugid na nagtaksil sa Partido at rebolusyon, kontra-rebolusyonaryong mqa pseudo-repormista at mga ahente ng reaksyunaryong gubyerno at militar. Pinopondohan ng ilang prenteng institusyon at ahensya sa paniktik ng US at ng papet na qubyerno ang mga ginagamit nilang institusyon, inilalabas nilang publikasyon at idinaraos nilang aktibidad.

Mariing kinundena ni Ka Basil ang mga mapanirang maniobra at

 $\succ$ 

pang-iintriga nina Peña at Garcia. "Sa halip na ipokus ang sisi sa mga nagtaksil at salaring nagpasimuno ng mga kahibangan at kamalian tulad nina Laurenaria, Ricardo Reyes na nag-apruba sa Kampanyang Ahos ang naunang bersyon ng OPML sa Mindanao, Arturo Tabara na naglunsad at personal pang nanortyur at nang-abuso sa mga biniktima nila sa Kabisayaan at Nilo de la Cruz na kasama ni Popoy Lagman na namuno sa katulad na kahibangan sa Metro Manila, mas ginusto pa nilang makipagsabwatan sa mga ito at sa kaaway at pare-parehong ituon ang paglaban sa Partido at rebolusyonaryong kilusan."

Isa si Ka Basil sa mga dumanas ng pinakamalalalang pisikal na tortyur at hirap sa OPML, ngunit hindi kailanman nawala sa kanya ang mapagkasamang pakikitungo sa mga nagkamali ngunit puspusang nagwasto at nanatiling matapat sa Partido at rebolusyon. Nakareserba ang kanyang galit at pagkamuhi sa mga pasimunong walang pagsisisi at tuluyang nagtataksil na sa Partido at gayundin sa ilang biktimang nagpapakasangkapan na sa kaaway.

Sa patuloy na pagkakalat ng mga kasinungalingan at pambabaluktot ng mga datos at kongklusvon tungkol sa OPML, avon kay Ka Basil, pinatutunayan ng mga taksil na sila'y mga espesyal na ahente ng kaaway at bayarang propagandistang kontra-Partido. Bilang pangwakas, nanawagan si Ka Basil sa mga kapwa niya biktima at sa mga pamilya ng mga biktima na itakwil ang mga katulad nina Peña at Garcia na walang pinagsisilbihan kundi ang malisyosong propaganda ng naghaharing uri laban sa Partido at rebolusyonaryong kilusan.

## Mga tulisan, instrumento ng AFP sa Northeastern Mindanao


Sistematikong ginagamit ng 4th ID ng Philippine Army at ng Philippine National Police (PNP) ang mga tulisan sa Northeastern Mindanao para magkalat ng kontra-rebolusyonaryong lagim sa hanay ng mamamayan kasabay ang paninira sa BHB. Karaniwang ipinatatarget ng AFP at pulisya sa mga alaga nilang tulisan ang mauunlad na tindahang kooperatiba na itinatayo ng mga organisasyong masa ng mga lumad sa bulubunduking mga baryo. Pinagnanakawan din ang ilang mga negosyante at sasakyang pampasahero.

Tuwing iuulat sa pulisya ang gayong mga pangyayari, iisa lamang ang palaging sinasabi ng PNP: mga gerilya ng BHB ang nagsagawa ng panghoholdap. Agad namang pinasusurender ang mga tulisan at pinalalabas na mga Pulang mandirigma sila.

Sa isang pahayag, kinundena ni Ka Maria Malaya, tagapagsalita ng NDF-Northeastern Mindanao, ang lagim na inihahasik ng mga tulisan at ang ibinubunga nitong malaking abala sa kabuhayan ng masa. Aniya, napipilitang gwardyahan ng mga lumad ang kanilang mga kooperatiba at indibidwal na ari-arian sa halip na asikasuhin ang kanilang pagsasaka. Sa halip na tugisin ng AFP at PNP ang mga tulisang pumeperwisyo sa masa, sinasabihan nila ang mga taumbaryo na umanib sa CAFGU, magtayo ng detatsment ng AFP at CAFGU sa kanilang lugar at pahintulutan ang pagpapatindi ng mga operasyong militar dito para umano mawala na ang kaguluhan. Hindi ito pinapayagan ng mga taumbaryo dahil alam nilang pakana ito ng militar para mas malaya silang makapaghasik ng lagim at makapaqlunsad ng malakihang operasyon upang wasakin ang rebolusyonaryong kilusan.

Tinukoy ni Malaya ang panlolo-

ob nitong ikalawang linggo ng Abril sa mga tindahang kooperatiba ng mga lumad sa bulubunduking bahagi ng Diatagon, Lianga, Surigao del Sur. Bago ito, limang magsasaka





ang pinagnakawan at minasaker sa Cabadbaran, Agusan del Sur noong Disyembre 1, 2003 matapos ang sunud-sunod ring panloloob at pangmamasaker sa mga baryo ng Butuan City at San Antonio, Agusan del Norte at Cabadbaran noong Nobyembre 2003. Nitong Pebrero 27, nilooban din ang kooperatibang tindahan sa Sityo Sinaka, Antikala, Butuan City subalit napigilan ng mga taumbaryo ang nakawan sa kooperatiba sa sityo ng tribo sa Kalidan, Mahaba, Cabadbaran.

Ang may kagagawan ng serye ng mga krimeng ito ay isang walo-kataong grupong lumad na hawak ni Sgt. Marlito Boholps ng AFP-CAFGU *detachment* sa Mahayahay, Antikala, Butuan City. Ang grupo ay pinamumunuan ni Loloy Mandag, isang aktibong aset ni Boholps. Nitong Marso 2004, pinagpanggap na mga Pulang mandirigma ang mga tulisan at kunwa'y pinasurender sa kampo ng 401st Bde sa New Leyte, Prosperidad, Agusan del Sur.

Mga lumad rin ang nirerekrut ng AFP para maging tulisan upang sirain ang pagkakaisa ng mamamayang lumad. Isang apat-kataong pangkat ang pinamumunuan ni Peter Iligan, isang Manobo na taga-Poblacion 1, Santiago, Agusan del Norte at aset ni Heros Morales, hepe ng pulisya sa Santiago. Isa pang pangkat na nanunulisan sa hangganan ng Surigao del Sur, Agusan del Norte at Surigao del Norte ang pinamumunuan nina Jack Anilao at Junior Ampo, mga myembro ng Lumadnong Pakigbisog sa Caraga o Lupaca, isang kontra-rebolusyonaryong grupong itinayo ni Gen. Ernesto Carolina, dating hepe ng AFP Southern Command. Pinagpanggap ding mga gerilya ng BHB at pinasuko ang grupo nina Anilao.

Ipinaliwanag ni Malaya na pinagsisikapan ng rebolusyonaryong kilusan na buwagin ang mga grupo ng tulisan sa pamamagitan ng pagpaparusa sa mga lider nito at paglulunsad ng masikhay na reedukasyon sa mga ordinaryong myembrong walang mabibigat na pagkakasala sa masa. Magkatuwang ang BHB at mga lumad sa paglaban sa mga tulisan.

Nanawagan din si Malaya sa mamamayan kapwa sa mga lugar na bulubundukin at patag, na palakasin at palakihin ang BHB upang maipagtanggol ang mga naipagtagumpay ng mamamayan at rebolusyon at magkaisa laban sa mga tulisang hawak ng AFP at PNP.

Cordillera Day 2004

## Kasaysayan ng magiting na pakikibaka sa Cordillera, ipinagbunyi



In ilitanteng ipinagdiwang ng mga dumalo sa Cordillera Day 2004 ang magiting na kasaysayan at ang di-natitinag at maigting na pakikibaka ng mga pambansang minorya at mamamayan sa Cordillera.

Idinaos ang pagdiriwang sa Tocucan, Bontoc, Mt. Province noong Abril 24. Dinaluhan ito ng mahigit 3,000 katao mula sa iba't ibang *ili* (komunidad) sa Cordillera, mga kinatawan ng mga pambansang minorya at iba pang mga sektor ng mamamayan sa iba pang bahagi ng bansa, at mga alyado at kaibigan mula sa loob at labas ng Pilipinas.

Ang Cordillera Day ay nagsimula bilang Macliing Memorial o paggunita sa pagpaslang ng mga elemento ng Armed Forces of the Philippines noong Abril 24, 1980 kay Ama Macliing Dulag. Noong siya ay nabubuhay pa, si Macliing ay isang respetadong *pangat* (pinuno ng tribo) ng mga Kalinga na magiting na nanindigan hanggang sa kamatayan niya laban sa pagtatayo ng Chico River Basin Hydroelectric Project (mga proyektong Chico Dam) noong panahon ng diktadurang US-Marcos. Ang Macliing Memorial ay idinaos



mula 1981-84, una bilang taunang paggunita ng mga tribo sa Kalinga at Bontoc sa paglaban at pagkamartir ni Macliing. Lumahok dito ang iba pang tribo sa Cordillera hanggang sa sumaklaw sa iba't iba pang sektor ng mamamayan at lugar sa Cordillera, kabilang na ang mga di pambansang minorya.

Mula 1985, tinawag nang Cordillera Day (CD) ang mga pagdiriwang bilang pagkilala at pagpapatibay sa nagpapatuloy at mas malawak na militanteng pakikibaka ng mamamayan di na lamang sa Chico River kundi sa buong saklaw ng Cordillera laban sa makauri at pambansang pang-aapi sa kanila. Sinasaklaw na rin ng CD ang mga isyu at laban sa ilang bahagi ng rehiyong Ilocos na kanugnog ng Cordillera.

Ang tema ng pagdiriwang ngayong taon ay "Itaas ang sulo ng mga martir ng Cordillera! Palakasin ang pakikibaka ng mamamayan laban sa pambansang pang-aapi at imperyalistang qlobalisasyon!"

Makasaysayan din ang CD sa taong ito na ika-20 anibersaryo ng pagkakatatag ng Cordillera Peoples Alliance (CPA) na namuno sa pakikibaka ng mga taga-Cordillera mula noon. Ang CPA rin ang nangunguna sa taunang pagdaraos ng CD.

Ngayong taon din muling idinaos ang selebrasyon sa isa sa mga ili sa Chico River na nanindigan laban sa mga proyektong Chico Dam. Pinatingkad nito ang kalagayan na hanggang sa kasalukuyan ay tinatangka pa ring agawin ng mga reaksyunaryong naghaharing uri at estado nila ang mga rekurso at likas na yaman sa Cordillera qaya ng Chico River, habang pinababayaan, pinagsasamantalahan at inaapi ang mamamayan sa mga ili.

Noong nakaraang mga taon, qinanap ang CD sa iba't ibang ili sa Cordillera upang ipakita ang ma-



Pinarangalan sa pagdiriwang ang walang pag-iimbot na pagaalay ng mga taga-Cordillera ng buhay, pag-aari, lakas, talino at yaman para isulong ang pakikibaka at ipagtanggol ang kanilang lupa, buhay, kabuhayan at mga rekurso.

hiqpit na pagkakaisa ng mga pambansang minorya at mamamayan sa Cordillera at patampukin ang mga isyung kinakaharap nila sa iba't ibang bahagi ng Cordillera, gaya ng pandarambong ng mga dambuhalang kumpanya sa pagmimina, militarisasyon, pangangamkam ng mga minanang lupa at rekurso, pagkakait ng gubyerno sa mamamayan ng mga batayang serbisyong panlipunan, at pagwawasak ng "globalisasyon" sa agrikultura at kabuhayan ng mamamayan.

Higit sa pagiging isang masayang pagtitipon para sa paggunita, ang CD ay isang malawakang pagaaral at madagundong na pampulitikang pahayag ng militanteng kilusang masa sa Cordillera tungkol sa mga umiiral na mga riyalidad ang mabibigat na suliranin at mapagpunyaging mga pakikibaka ng mamamayan sa rehiyon. Sa loob ng tatlong araw mula Abril 22 hangqang sa mismong araw ng CD, sa pamamagitan ng mga palihan, pinag-aralan ng lahat ng mga dumalo sa CD ang iba't ibang maiinit na isyu sa Cordillera. Nagbahagian sila ng mga karanasan at pananaw sa militarisasyon, "globalisasyon" (laluna sa agrikultura), mga mapanirang proyekto, mga paglabag sa karapatang-tao, mga gera ng mga tribo at panunulsol sa mga ito ng militar at marami pang iba. Mula sa

resulta ng mga palihan, nagbuo sila ng mga resolusyon para sa mahigpit na pagtutulungan at pagsusulong ng pakikibaka tungkol sa iba't ibang isyu at laban sa Cordillera. Binasa rin ang mga mensahe ng CPA at mga kaalyadong organisasyon at maging ng ilang kinatawan ng qubyerno.

Pinarangalan sa pagdiriwang ang walang pag-iimbot na pagaalay ng mga taga-Cordillera ng buhay, paq-aari, lakas, talino at yaman para isulong ang pakikibaka at ipagtanggol ang kanilang lupa, buhay, kabuhayan at mga rekurso. Binigyan ng pinakamataas na parangal ang mga martir at bayaning nagpundar ng pakikibaka ng mamamayan sa Cordillera.

Sa saliw ng mga tunog ng gangsa (gong) at umaalingawnqaw na mga katutubong kanta at tula, qinunita nq mqa dumalo anq mahigit isang kwartong siglo ng pagbubuwis ng dugo, pawis at mga sakripisyo ng mga mamamayan at martir at ang taimtim na panatang patuloy na paglalagablabin ang sulo ng mga martir at bayani ng mga pambansang minorya. Mariin din nilang pinagtibay na hangga't hindi tinatamasa ng pambansang minorya ang tunay na awtonomya't kalayaang magpasya sa sarili, magpapatuloy ang pakikibaka ng mamamayan sa Cordillera.



### Limang sandata, nasamsam sa reyd sa Negros Oriental

TATLONG M16, isang M14 at isang kalibre .45 pistola ang nasamsam ng 15-kataong yunit ng Bagong Hukbong Bayan nang salakayin nila ang isang detatsment ng Philippine National Police sa Barangay Masu-

log, Canlaon City, Negros Oriental noong umaga ng Mayo 6.

Naisagawa na opensiba sa kabila ng pagtatambak ng dagdag na pwersang militar at pulis sa isla.

### 10th IB, pinalalayas ng taumbayan sa Misamis Occidental

PINALALAYAS ng taumbayan sa Misamis Occidental ang mga abusadong tropa ng 10th IB ng Philippine Army na pinamumunuan ng isang Lt. Col. Libertino.

Ipinahayag nila ito sa isang pulong na dinaluhan ng 100 lider magsasaka sa walong baryo noong Abril 19 sa Barangay Lower Bautista, Sapang Dalaga. Dito inilahad ng mga magsasaka mula sa mga baryong Lower Bautista, Masubong, San Agustin, Ventura, Guinabot, Dapacan, Alto, Siloy at Bonifacio ang kanilang malagim na mga karanasan nang tugisin ng 10th IB ang yunit ng BHB na nakaengkwentro nito noong Marso 14.

Nangulimbat, nanira ng kagamitan at nanakot sa mga baryo ang mga sundalo ng "B" Coy. Inireklamo ng mga magsasaka ang pagnakaw ng mga sundalo sa kanilang mga alagang hayop at iba pang ariarian.

Isang magsasaka ang pinilit ngunit tumangging maggiya sa operasyon ng militar. Isa pang magsasaka ang tinutukan ng baril ng apat na sundalo at pilit ipinalalabas ang kanya umanong ripleng M14 dahil siya raw ay kasapi ng BHB.

Ipinaabot ng KARAPATAN-Western Mindanao sa pamunuan ng 10th IB ang mga reklamo. Ngunit ang mga ito ay itinanggi ng isang nagngangalang Capt. Toraino, bagay na ikinagagalit ng mga biktima.

Samantala, sa Compostela Valley, iginigiit ng mga kamag-anak ang agarang pagpapalaya kina Jordan Donillo, 32, ng Barangay Cabuyuan, at Rexan Esperanza, 17, ng Barangay New Leyte, kapwa sa bayan ng Mabini. Ang dalawa ay dinakip ng mga tropa ng "C" Coy ng 60th IB noong Abril 25 sa Sityo Palawan, Barangay Magpalusong, Mabini.

Ikinulong sila ng 60th IB at dinadala sa operasyon. Ayon kay Col. Edgardo Gonzales, hepe ng 10th IB, palalayain lamang nila ang mga detenido kung mangangako silang hindi na babalik sa armadong kilusan. Ayon sa kamag-anakan ng mga bilanggo, may mga bakas ng tortyur sa mga katawan ng dalawa.

## PANDAIGDIGANG ARAW NG PAGGAWA, GINUNITA NG ILAMPUNG LIBONG MANGGAGAWA SA BUONG BANSA

ISANG malaking insulto. Ito ang reaksyon ng mga manggagawa sa alok ni Gloria Arroyo na libreng sakay sa MRT, konsyerto, tiket sa palarong basketbol at diskwento sa iba-ibang tindahan sa okasyon ng Araw ng Paggawa. Sa halip na matuwa, nagmartsa ang ilampung libong manggagawa sa mga plasa, lansangan at pampublikong lugar noong Mayo 1 upang muling igiit ang P125 dagdag na sahod at pagtigil sa mga kontra-manggagawang patakaran ng rehimen. Itinaon din nila sa okasyon ang koordinadong miting de abanse ng partidong Anakpawis sa iba't ibang dako ng bansa.

Sa Metro Manila, umabot sa 30,000 manggagawa ang nagtipon sa Liwasang Bonifacio.

Habang nagpapabango si Arroyo sa ilang manggagawa sa Laguna, 5,000 manggagawa naman ang nagtipon sa Calamba City, Laguna upang batikusin ang kanyang mga patakaran. Nagkaroon din ng katulad na mga pagkilos sa iba pang lunsod sa Luzon. Sa kabuuan ng Visayas, umabot sa 40,000 manggagawa ang lumahok sa mga aksyong protesta. Libu-libo rin ang tumugon sa panawagan ng Kilusang Mayo Uno at Anakpawis sa Mindanao.

Tumatanggi ang rehimeng Arroyo na harapin ang makatarungang hinaing ng mga manggagawa. Sa buong panahon ng kanyang panunungkulan, wala ni isang sentimong umentong natanggap ang mga manggagawa mula sa kanyang rehimen. Sa kabila ito ng tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga batayang pangangailangan at serbisyo. Ayon sa pag-aaral ng mga manggagawa, bumagsak na nang P51.80 ang tunay na halaga ng sahod mula 1999. Ibig sabihin, ang kasalukuyang P280 minimum na sahod ay katumbas na lamang ng P229.



### Panonortyur ng mga sundalong Amerikano at British sa Iraq, nabunyag

IBAYONG nahubaran ng maskara ang mga tropang mananakop sa Iraq nang tumampok ang malupit na panonortyur, pambababoy at panghihiya ng mga sundalong Amerikano at British sa mga nadarakip nilang Iraqi.

Umani ng malawak na pagkundena mula sa mamamayang Amerikano at laluna sa mga Iragi at iba pang mamamayang Arabo nang ipalabas noong Abril 28 sa telebisyon sa US ang mga larawan ng mga bihag na Iragi habang tinotortyur ng mga sundalong Amerikano sa bilangguang Abu Ghraib, malapit sa Baghdad. Sa isang larawan, makikita ang isang detenidong Iraqi na nakatayo sa isang kahon, hubo't hubad, may suklob ang mukha at natatalian ng kawad ang mga kamay. Sa isa pang larawan, makikita ang maraming bilanggong Iraqi na hubo't hubad rin at maqkakapatong habang kinakantyawan at pinagtatawanan ng mga lalaki at babaeng sundalong Amerikano. Ang mga sundalong Amerikano rin mismo ang kumuha ng mga litrato.

Dalawang sundalo naman sa ilalim ng Queen's Lancashire Regiment ng British Royal Army ang nagbigay sa pahayagang *Daily Mirror* sa London, United Kingdom ng mga larawan ng pang-aabuso ng mga sundalong British sa mga bi-

hag na Iraqi. Sa isang litrato ay makikitang iniihian ng isang sundalong British ang isang detenidong Iraqi. Ayon sa dalawang sundalong British, gawi na ng mga kasamahan nila sa Iraq ang magpalitan ng mga larawan ng kanilang mga inaabusong bilanggo.

Magugunitang noong Enero ay nabunyag naman ang pahirap na dinanas ng walong bilanggong Iraqi sa kamay ng mga sundalong British. Pinagsisipa sila ng mga sundalo hanggang mamatay ang isa sa kanila. Ayon sa isang ulat, umaabot na sa 25 detenido ang namamatay sa iba't ibang kulungan sa Iraq at Afghanistan na hawak ng mga mananakop na pwersang pinamumunuan ng US.

Ang dose-dosenang litrato ay ipinakita rin sa marami pang istasyon ng telebisyon at inilathala sa mga pahayagan sa iba pang panig ng mundo. Lumalakas ngayon ang paggigiit na ituring ang mga pangaabuso bilang krimen sa gera at paimbestigahan ito sa mga independyenteng organisasyon sa karapatang-tao.

Dahil dito, napilitan ang US at UK na maglunsad ng mga imbestigasyon. Kinumpirma mismo ng imbestigasyon ng militar ng US ang laganap na mga kaso ng pambubugbog, pagkuha ng litrato at *vi*-

deo ng mga pinaghubo't hubad na detenidong babae at lalaki, pamimilit sa mga detenido na gumawa ng sari-saring kalaswaan, panggagahasa at iba pang sekswal na pang-aabuso sa mga bihag at iba pang kahayupan. Napilitan ding magpahayag sa mga bansang Arabo si Pres. George W. Bush at iba pang upisyal ng gubyerno at militar ng US para ipaliwanag umano ang mga pangyayari. Subalit sa halip na humingi ng paumanhin, nagpahayag pa si Bush ng lubos na pagtitiwala sa mga upisyal ng militar ng US na aniya'y may malaking naitutulong sa mamamayang Iragi.

Sa kabila ng kalubhaan ng mga qinawanq paqlabaq sa karapatanqtao, pinuna lamang si Gen. Janis Karpinsky, tagapangasiwa noon ng mga bilangguan ng US sa Irag, at pangaral lamang ang iginawad sa anim na tauhan ng Military Police na napatunayang nanortyur sa mga bilanggo. Wala ni isa sa kanila ang tinanggal o pinagbitiw sa pwesto. Inamin ni Gen. Karpinski na nalaman niya ang tungkol sa mga pang-aabuso noon pang isang taon at di raw niya naatim ang mga ito. Ngunit sinabi niyang ang mga ito ay iniatas ng mga upisyal ng military intelligence na may kontrol sa mga selda kung saan naganap ang mga abuso.

### Paparami ang tumututol sa US Patriot Act

DUMARAMI ngayon ang bumabatikos sa US Patriot Act habang nangangampanya si Pres. George W. Bush na gawin na itong permanenteng batas. May 300 lokal na gubyerno na ang tumututol dito batay sa huling ulat ng Bill of Rights Defense Committee at American Civil Liberties Union.

Ang pinakahuling lokal na gubyernong nagpasa ng resolusyon laban sa Patriot Act ay ang Martha's Vineyard sa Tinsbury, Massachusetts. Nauna nang nagpahayag ng pagtutol ang Alaska, Hawaii, Maine, Ver-

mont, mga syudad ng Philadelphia, Baltimore, Detroit, Dallas, Denver, San Jose, Seattle, San Francisco, Milwaukee, Washington, D.C., Pittsburgh at El Paso, at ang tatlong syudad na may pinakamalaking populasyon, ang New York, Los Angeles at Chicago.

Mariing kinundena ng mga lokal na gubyernong ito ang sobra-sobrang kapangyarihang ibinibigay ng US Patriot Act sa Department of Justice para mangaresto, magdeteni, at magpatalsik ng mga dayuhan nang walang isinasampang kaso.




Taon XXXV Blg. 9 Marso 7, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Walang pundamental na pagbabagong idudulot ang eleksyon sa Mayo 10

a kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema, reaksyunaryo ang mga eleksyon at lumilikha lamang ng ilusyon ng demokrasya. Hindi ito maaaring maging paraan upang ang mamamayan ay makapagpahayag ng kanilang kagustuhan at makapamili ng mga pinunong tunay na kakatawan sa kanilang interes.

Ang umiiral na sistemang pang-ekonomya, pampulitika, pangkultura at elektoral ang siyang nag-



Mga tampok sa isyung ito...

Panggigipit sa mga progresibong partido PAHINA 3

Koleksyon ng mga litrato ng BHB, inilunsad PAHINA 5 Mga tulisan, ginagamit ng AFP sa Mindanao PAHINA 8